ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVIII Blg.10
Mayo 21, 2017
www.philippinerevolution.info

## 22 armas, nasamsam ng BHB

ANIM NA KUMAND ng Bagong Hukbong Bayan sa iba't ibang panig ng bansa ang nakapaglunsad ng mga opensiba sa loob ng dalawang linggo nitong Mayo 4-17. Kinabibilangan ito ng isang reyd, dalawang ambus, walong operasyong haras at isang pagdisarma laban sa isang abusadong negosyante. Dalawampu't dalawang armas ang nasamsam ng Pulang hukbo. Umaabot sa 35 ang kaswalti sa hanay ng mga reaksyunaryong armadong tropa.

Sa Timog Katagalugan, matagumpay ang sunud-sunod na taktikal na opensiba ng BHB-Laguna (Cesar Batrallo Command o BHB-CBC) laban sa AFP at PNP sa mga bayan ng Majayjay at Luisiana sa Laguna, at sa kanugnog na bayan ng Lucban sa prubinsya ng Quezon.

Magkakasabay na inatake ng BHB-CBC ang tatlong detatsment ng 59th IB at 80th IB sa mga barangay ng Ibabang Banga at Piit sa Majayjay. Isinagawa ang mga aksyon noong Mayo 14, mula 6:25 hanggang alas-7 ng gabi. Tatlo ang patay at tatlo rin ang sugatan sa mga sundalo. Ang mga inatakeng yunit ng AFP ay nagsisilbing protektor ng mapaminsalang kumpanyang Global Heavy Equipment Inc.

Katanghalian ng Mayo 17, muling nakapaglunsad ng tatlong magkakasunod na taktikal na opensiba ang BHB-CBC. Una rito ang pag-isnayp sa mga tropa ng PNP-CALABARZON Regional Public Safety Battalion sa Brgy. Kilib,

*"22 armas...," sundan sa pahina 3*




EDITORYAL

# Imprastrukturang pondo ng dayuhan, di hiling ng bayan

Walang tigil ang mga teknokrata ng rehimeng Duterte sa positibong paglalarawan ng pagsulong ng ekonomya ng Pilipinas sa mga darating na taon sa ilalim ng tinagurian nilang "gininuntuang panahon ng imprastruktura". Iginigiit nila na ang malaking pamumuhunan sa konstruksyon ng mga kalsada, riles, daungan, dam at engklabo sa paggawa ay magbubunga ng tuluy-tuloy na paglago ng ekonomya ng Pilipinas.

Lalo pa silang pursigido sa mga deklarasyong ito pagkauwi nila mula sa China kasama si Duterte baon ang panibagong pangako ng mga upisyal ng China na maglalagak ng malaking kapital sa Pilipinas para sa mga inihahanay na proyekto ng gubyernong Duterte. Puring-puri ni Duterte ang China sa aniya'y sinseridad nitong tumulong sa Pilipinas at magbahagi ng kanilang yaman.

Liban sa higit na malaki ang kapital na target na makuha ng rehimeng Duterte kumpara sa nakaraang mga rehimen (tinatayang mahigit walong trilyong piso hanggang 2022, pangunahin mula sa China), ang matatayog na deklarasyon ay pawang alingawngaw mula sa nagdaang mga rehimen. Lahat ng nagdaang mga gubyerno (kabilang ang rehimeng Marcos) ay pawang nagtulak ng malalaking proyektong pang-imprastruktura bilang sentro ng mga hakbangin sa ekonomya.

Malinaw na hungkag ang gayong deklarasyon. Katulad ng ilang ulit nang napatunayan sa nakaraan,

hindi nilutas ng mga proyektong pang-imprastruktura, gaano pa man kalaki o ka-engrande, ang saligang mga problema sa ekonomya ng Pilipinas.

Sa panahon ni Marcos, gamit ang absolutong kapangyarihan, nagawa niyang itulak ang kaliwa't kanang mga proyektong pang-imprastruktura mula sa mga hayway, tulay, mga dam, plantang *geothermal*, LRT at mga monumento. Ang sambayanan ay nabaon sa lumaking dayong pautang (umabot sa $26 bilyon noong 1986) at natali sa mga kundisyong ipinataw ng IMF at ng World Bank na pabor sa dayong malalaking kapitalista. Nagkamal ng yaman si Marcos at kanyang mga kroni sa mga komisyon sa malalaking proyektong ito.

Ang lahat ng rehimen pagkatapos ni Marcos ay naghabol ng kanikanyang proyektong pang-imprastruktura: mula sa mga "flyover" ni Cory Aquino, sa Expo Pilipino ni Ramos, ang Macapagal Boulevard at Clark Airport ni Arroyo at mga proyektong "public-private partnership" ni Benigno Aquino. Lahat ito'y nagkahalaga ng bilyun-bilyong dolyar at pinondohan ng lumobo nang lumobong dayuhang pautang na ngayo'y mahigit $120 bilyon na. Bawat proyektong ito'y batbat ng anomalya at pinagkakitaan ng malalapit na kroni ng bawat rehimen.

Kung meron man, pang-ibabaw lamang ang pagbabagong inihatid ng mga proyektong ito. At kahit pagsama-samahin pa, bigong baguhin ng mga ito ang saligang kalagayang panlipunan at ang saligang kalagayang pangkabuhayan ng masang magsasaka at manggagawa at buong sambayanan. Lumikha ito ng pansamantalang hanapbuhay, subalit hindi nilutas ang palagiang krisis ng labis na malaking disempleyo. Kakambal na ng mga proyektong ito ang mga demolisyon, pagpapalayas, pagkawasak ng produktibong lupa at pagkasira ng kapaligiran. Maraming kaso ng militarisasyon ang kaakibat ng mga proyektong ito.

Sa pagtutulak ng rehimeng Duterte ng ilandaang bilyong dolyar na mga proyektong pang-imprastruktura, hindi malayong tatamaan nito ang kagalingan at mga karapatan ng masang anakpawis at sisilaban ang kanilang paglaban. Kabilang sa malalaking proyektong itinutulak ngayon ay ang Chico River Dam project. Ang katulad na proyekto noong dekada 1980 ay militanteng nilabanan ng mamamayan ng Cordillera dahil sa pinsalang idudulot niyon sa kanilang buhay at kabuhayan. Tiyak na hindi tatahimik ang mga taga-Cordillera at ang buong bayan oras na maging banta sa buhay, karapatan at kapaligiran ang dam at iba pang proyektong pang-imprastruktura.

Tiyak na mauudyok ang malawakang mga paglaban kung ang planong ilatag na mga riles ng tren ay sasagasa sa lupaing ninuno, karapatan at kagalingan ng mga Lumad at masang anakpawis sa Mindanao at iba pang lugar: kung ang planong itayong mga daungan ay magpapalayas sa mga mangingisda; kung ang itatayong tulay at ilalatag na kalsada ay magpapalayas sa mga magsasaka at wawasak sa produksyong pang-agrikultura; at kung ang isasagawang mga reklamasyon ay wawasak sa yamang-karagatan at kapaligiran.

Tiyak na titindig at lalaban ang buong bayan kung sa pagtutulak ng rehimeng Duterte ng mga proyektong pang-imprastrukturang ito ay ilulubog nito ang buong Pilipinas sa bagong dayong pautang na imposible nang mabayaran at magtatali sa Pilipinas sa mga kundisyong kasasangkutan ng pagsuko sa patrimonya at kasarinlan. Titindig din ang buong bayan kung ang mga proyektong ito ay kasasangkutan ng korapsyon at pagkakakitaan ng malalaking burgesyang komprador na malapit kay Duterte. Kung matakot man ang Korte Suprema sa pagbabanta niya kontra sa paglalabas ng TRO, ang sambayanan ay hindi mangingiming manindigan laban sa burukrata kapitalistang kabuktutan.

Dapat maging pukaw ang sambayanan na, taliwas sa sinasabi ni Duterte, hindi kagandahang-loob ang pag-aalok ng China ng daan-


ANG Bayan

Tomo XLVIII Blg. 10 | Mayo 21, 2017

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral

@prwc_info

facebook.com/philrevwebcentral

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal:** Hindi imprastruktura ang sagot sa paghihirap ng bayan 1

22 armas, nasamsam ng BHB 1

Dutertenomics: Pabigat sa bayan 4

CASER, igiit bago sa tigil-putukan 6

Birong junta, di nakakatawa 7

Marbai, nagtagumpay sa pagbawi 8

Mula sa mga rehiyon 8

Karahasan ng rehimeng Duterte 9

Mga Lumad, biktima ng militarisasyon 10

Balikatan 2017, natuloy 11

Mga kontra-Balikatan opensiba sa EV 12

37 paramilitar, patay sa India 12



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Editoryal,...," mula pahina 2
daang bilyong dolyar para sa mga proyektong pang-imprastrukturang ito. Ang China ay isang bagong usbong at patuloy na lumalaking imperyalistang kapangyarihan na mahigpit na nangangalaga sa kanyang sariling interes. Ang alok na pondo ng China ay pautang na obligadong bayaran ng bayan na may interes. Pautang ito na nakalaan sa ispesipikong mga proyekto pabor sa China at dapat ipambili sa sobrang suplay ng asero at iba pang kalakal mula sa China.

Kung tutuusin, hindi ang mga proyektong pang-imprastrukturang ito ang dapat na binibigyang prayoridad ng rehimeng Duterte. Sa anumang plano sa ekonomya, ang dapat na unahin ay ang kapakanan at interes ng mga manggagawa at magsasaka at buong sambayanan, hindi ng malalaking burgesyang komprador, panginoong maylupa o dayuhang malalaking kapitalista.

Dapat lutasin ang mga pundamental na problema ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Kung walang pundamental na pagbabago, mananatiling atrasado ang ekonomya ng Pilipinas at magiging tagasuplay lamang ng mga hilaw na materyales, murang paggawa at malamanupaktura sa China at iba pang imperyalistang bayan. Katulad ng mga riles ng tren na itinayo ng kolonyalismong US na ginamit sa transportasyon ng tubo at iba pang kalakal, ang mga modernong tren mula sa China ay magsisilbi lamang para sa transportasyon ng mga hilaw na materyales at malamanupaktura para sa China.

Sa kasaysayan ng mga naging modernong ekonomya, kabilang na ang China, ang pagsulong ay natamo sa pagpupundar ng batayang kapasidad sa industriya kabilang na sa produksyon ng bakal, asero at mga kemikal at iba pang saligang industriya upang likhain ang kapasidad sa produksyon ng makinarya at iba pang mga kagamitan sa produksyon. Kaakibat nito ang pagtataas ng produktibidad ng agrikultura sa pamamagitan ng pagtupad ng tunay na reporma sa lupa para wasakin ang lumang mga kadena ng monopolyong pyudal at dayuhan, pagtulak ng kooperasyon at iba pang anyo ng pagtutulungan at pagtupad ng mekanisasyon.

Dapat igiit sa China, na kung gusto nitong matamo ang pakikipagkaibigan sa sambayanang Pilipino, dapat handa itong suportahan ang pagsisikap na tapusin ang malakolonyal at malapyudal na sistemang itinatag at patuloy na pinaghaharian ng imperyalismong US. Sa partikular, kailangang-kailangan na suportahan ang programa para sa tunay na reporma sa lupa at para sa pambansang industriyalisasyon.

Ito ang pangunahing nilalaman ng programa ng rebolusyonaryong kilusan sa ekonomya at nakasaad sa programa ng Partido para sa demokratikong rebolusyong bayan at sa 12 Puntong Programa ng NDFP. Ito ang dinetalye sa Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER) na inihaharap ng NDFP sa GRP sa negosasyong pangkapayapaan. Inaasahan ng mga rebolusyonaryong pwersa na ang usaping ito ng CASER ang pangunahing mabibigyang-pansin sa nakatakdang ikalima sa serye ng mga usapang pangkapayapaan. AB

---

"22 armas,...," mula sa pahina 1
Lucban. Dalawang elemento ng RPSB ang sugatan. Tinambangan ng isa pang yunit ng BHB-CBC ang umaatras na mga pulis. Sinunog ng mga Pulang mandirigma ang dalawang sasakyan ng RPSB.

Matapos nito, nagresponde ang mga pwersa ng 80th IB at kumand ng 202nd IBde lulan ng dalawang siksbay, isang *weapon vehicle* at isang *armored personnel carrier*. Pagdating sa Brgy. San Antonio sa Luisiana, inambus ng BHB-CBC ang komboy. Tinamaan ang dalawang sasakyan ng mga sundalo nang pasabugan ng *command-detonated* na mga eksplosibo. Aabot sa 20 ang patay at sugatan sa kaaway.

Sa Benguet, matagumpay na nireyd ng BHB-Benguet (Jennifer Cariño Command o BHB-JCC) ang detatsment ng Philippine National Police sa Brgy. Loo, Buguias noong Mayo 16, alas-9 ng gabi. Agad na nakontrol ng mga Pulang mandirigma ang istasyon ng pulisya nang hindi nagpapaputok. Nakumpiska ng BHB-JCC ang isang pistolang 9mm, isang granada, mga magasin at bala at iba pang kagamitang-militar. Talamak ang pangingikil ng mga pulis ng Buguias sa mga motorista at manininda ng gulay. Sangkot din sila sa pagpapalaganap ng mga anti-sosyal na aktibidad.

Sa Agusan del Sur, 21 armas ang kinumpiska ng BHB-Front 14 ng Northeastern Mindanao Region mula sa pamilyang Lademora sa Sityo Sinug-ang, Bayugan 3, Rosario. Isinagawa ng BHB ang operasyon noong Mayo 13, bandang ala-7 ng umaga. Kabilang sa mga nakumpiska ang dalawang M16, isang AK47, isang BAR, isang M14, isang Garand, apat na karbin, tatlong M79 *grenade launcher,* tatlong *shotgun,* apat na pistolang kalibre .45 at isang pistolang kalibre .38. Kabilang din sa mga sinamsam ng mga Pulang mandirigma ang samu't saring bala, mga magasin at iba pang gamit militar.

Ayon sa BHB-NEMR, ang kumpiskasyon sa mga Lademora ay aksyong pamamarusa sa mahabang rekord ng pamilya sa pag-abuso, mga krimen, pagsira sa kabuhayan ng mamamayan at pagsasamantala sa maliitang mga minero. Ineempleyo ng mga Lademora ang natitirang mga myembro ng bantog sa kasamaang Lost Command, ang armadong grupo na binuo ni dating Philippine Constabulary Col. Carlos Lademora noong huling bahagi ng dekada 1970 mula sa mga kriminal at dating sundalo. Kasangkapan ito ngayon ng pamilya upang takutin ang mga magsasaka at agawan sila ng kabuhayan.

sundan sa pahina 4

"22 armas,...," mula pahina 3

Sa Bohol, isang sundalo ang namatay at tatlong elemento ng CAFGU ang nasugatan nang magsagawa ng operasyong haras ang BHB-Bohol (Francisco Dagohoy Command o BHB-FDC). Isinagawa ang aksyon noong Mayo 3, bandang alas-10 ng gabi sa detatsment ng 47th IB at CAFGU sa Brgy. Datag, Inabanga.

Ayon sa BHB-FDC, ang opensiba ay parusa sa pang-aabuso ng AFP sa kalapit na sibilyang komunidad at walang patumanggang pambobomba sa Brgy. Napo noong Abril 11 gamit ang "gera kontra-terorismo" laban sa teroristang Abu Sayyaf Group.

Sa Cagayan Valley, tatlong magkakasunod na operasyong haras ang inilunsad ng BHB-Quirino (Venerando Villacillo Command o BHB-VVC) laban sa tatlong kampo ng 86th IB. Noong Mayo 4, hinaras ng BHB ang kampo ng Bravo Company ng naturang batalyon sa Dinapantan, Maddela.

Noong Mayo 6 naman, hinaras nila ang kampo ng Alpha Company nito sa Tappa, San Mariano. Ang detatsment ng 86th IB sa Villa Gracia, Maddela ay hinaras naman noong Mayo 10, alas-9 ng gabi.

Samantala, magiting na hinarap ng mga Pulang mandirigma sa Quezon at Mindoro Occidental ang mga atake ng kaaway noong Mayo 8. Sa Quezon, binigo ng BHB-Mt. Sierra Madre (Rosario Lodronio Rosal Command) ang pag-atake ng isang kumpanya mula sa 1st IB sa Brgy. Magsaysay, Infanta. Isa ang namatay habang dalawa ang malubhang nasugatan sa mga sundalo.

Sa Occidental Mindoro, tatlong elemento ng umaatakeng 76th IB ang namatay nang pasabugan sila ng *command-detonated* na eksplosibo ng BHB-Mindoro (Lucio De Guzman Command) sa Sityo Tagbungan, Brgy. Barahan, Sta. Cruz. Isang Pulang mandirigma, si Aileen "Ka Pia" Serna, ang namartir sa labanan. AB

# Dutertenomics: Pabigat sa bayan

Magiging malaking pabigat sa bayan ang ipinamamaraling "Dutertenomics," ang programa sa ekonomya na kinatatangian ng malalaking proyektong pang-imprastruktura na popondohan ng dayuhang pautang. Ngayon pa lamang, malinaw na kung sinu-sino ang may pinakamalaking pakinabang dito.

Hindi malayong magbubunga ito ng pinakamalalaking kaso ng korapsyon. Sa laki ng kakailanganing pondo, mangangahulugan ito ng dambuhalang utang na sa kadulu-duluhan ay papasanin ng masang Pilipino.

Mas malala ang Dutertenomics kumpara sa programang Public-Private Partnership (PPP) ng nagdaang rehimen. Ang sinasabi ng mga teknokrata ni Duterte na "gintuang panahon ng imprastruktura" ay tinagurian ng Ibon Foundation na "gintuang panahon ng oligarkiya at dayuhang kumpanya" na silang nakatakdang makinabang nang husto.

Sa ilalim ng programa ng rehimeng Duterte na tinaguriang "hybrid" o binagong PPP ("Public-Private Partnership"), buong-buong isasabalikat ng gubyerno ang pagpondo at konstruksyon ng mga proyektong pang-imprastruktura. Kung gayon, sa "Dutertenomics," direktang papasanin ng mamamayan ang pagbabayad sa utang, pati na ang garantiya sa kita at iba pang pakinabang ng pribadong kumpanya. Kapag natapos na ang proyekto, isusubasta ang mga ito sa mga pribadong kapitalista para sila ang magpatakbo. Kabilang sa mga proyektong ito ang itinutulak ng malalaking komprador mismo na may tuwirang pakinabang sa kanilang negosyo.

Bago pa man ang pangalawang pagbisita ni Duterte sa China nitong Mayo 14-15, ipinahayag na niya ang planong mangutang dito, partikular sa Asian Infrastructure Investment Bank, para pondohan ang kanyang inaasam-asam na mga proyekto. Ayon sa panimulang mga ulat, handa ang China na pautangin ang Pilipinas nang hanggang P172.4 bilyon ngayong taon. Pauna ito sa P350 bilyong balak utangin ng Pilipinas para sa 15 proyektong nakalaan



na sa mga kumpanyang Chinese at kanilang mga lokal na kasosyo. Kabilang sa mga proyektong ito ang South Line ng North-South Railway Project sa Luzon na nagkakahalaga ng P151 bilyon at ang sistema ng riles sa Mindanao na nagkakahalaga ng P218 bilyon. Liban sa China, balak din ng rehimen na mangutang sa Japan nang inisyal na halagang P442.42 bilyon at sa World Bank nang P3.25 bilyon.

Pero noong Mayo 12, inamin ni Benjamin Diokno, kalihim ng Department of Budget and Management, na mas malaki pa sa unang mga taya ang kailangan ng Dutertenomics. Aniya, mangangailangan ang Pilipinas ng hanggang $167 bilyon (P8.2 trilyon) para tustusan ang anim-na-taong planong imprastruktura ng rehimen. Palalakihin nito ang utang ng Pilipinas mula $123 bilyon ngayong taon tungong $290 bilyon sa katapusan ng termino ng rehimen, kahit hindi pa kasali ang interes. Ayon sa artikulo sa maka-US na Forbes Magazine, maaari pang umabot sa $452 bilyon ang bagong utang ng Pilipinas kung magpapataw ng 10% interes ang China o 197% mas malaki kumpara sa lokal na produksyon (*debt-to-GDP ratio*). Anito, maaaring umabot sa halos isang trilyong dolyar ang kabuuang utang ng Pilipinas sa loob ng sampung taon. Sa kasalukuyan, nasa 44% ang *debt-to-GDP ratio* ng Pilipinas.

Dagdag sa direktang pakinabang ng mga dayuhang kumpanya at lokal na oligarkiya, tatabo rin ang mga tauhan ng rehimeng Duterte na nagsilbing tagapamagitan ng mga bangko at kumpanyang Chinese at lokal na negosyo. Tinatayang aabot sa 2-5% na mga komisyon sa anyo ng tinatawag na "finder's fee" ang maaaring ibulsa ng mga burukrata-kapitalista sa ilalim ng rehimeng Duterte. Hindi ito malayo sa korapsyon kaugnay ng pagpabor ni Arroyo noon sa maanomalyang kasunduang NBN-ZTE.

Matapos lumabas ang pagsusuri, itinanggi ni Diokno at iba pang teknokrata ni Duterte na uutangin ng Pilipinas sa China ang buong halaga. Mas malala ang gagawin ng rehimen, dahil ayon kay Diokno, kukunin sa mamamayan ang 80% ng pondong pang-imprastruktura sa pamamagitan ng bagong mga buwis. Kabilang dito ang pagtataas ng *value-added tax* mula 12% tungong 15% at pagpataw ng buwis sa mga produktong petrolyo nang hanggang P6/litro at sa pinrosesong asukal. Sa kabilang banda, bibigyan ng rehimen ng dagdag na mga pribilehiyo ang mga negosyo, kabilang ang mga oligarkong makikinabang sa mga bagong utang, dahil ibababa nito ang buwis sa *real estate* at iba pang transaksyon sa pribadong ari-arian.

**Utang kapalit ng karapatan ng bansa**

Kinuwestyon din ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang planong pangungutang ng rehimeng Duterte sa China, ang tiyak na kapalit nitong mga konsesyon at implikasyon nito sa pakikipagnegosasyon ng rehimen kaugnay sa mga repormang sosyo-ekonomiko. Ayon kay Jose Maria Sison, *chief political consultant* ng NDFP *negotiating panel*, kung mangungutang ang Pilipinas sa China ng napakalaking halaga sa loob ng maikling panahon, magiging "alipin sa utang" ng China ang Pilipinas. Dagdag dito, maaaring hatakin ng programang "build, build, build" ang kinakailangang pondo at rekurso na nararapat ilaan sa pambansang industriyalisasyon.

Darating ang panahon, ani Sison, na igigiit ng China na isuko ng Pilipinas ang soberano at eksklusibong karapatan nito sa mga isla at pormasyon sa South China Sea kapalit ng mga utang. Ngayon pa lamang, hayagan nang iniaalok ng mga tauhan ni Duterte ang naturang mga teritoryo para sa mga pinagsanib na eksplorasyon. Wala ring imik si Duterte sa tuluy-tuloy na militarisasyon ng China sa mga isla at bahura ng bansa, kabilang ang pinakahuling paglalagay ng China ng mga *rocket launcher* sa mga isla ng Kagitingan.

Gayundin, hindi malayong ipapako ng China ang Pilipinas sa produksyon ng hilaw na materyales at mala-prosesong manupaktura para sa pangangailangan ng sarili nitong mga industriya. Ang ipinangangalandakan ng China na mga "sona ng kooperasyon sa ekonomya" na itinayo na nito sa iba't ibang bansa (laluna sa Africa) ay walang iba kundi mga engklabo sa paggawa na nagpuproseso ng hilaw na materyales para sa eksport. Ang mga ito'y nagsisilbing tagasalo ng sobrang makinarya, asero at produktong pangkonsumo ng China, habang lumilikha ng mga produkto na inieksport sa mga bansang naghigpit laban sa mga produkto ng China tulad ng US at sa Europe. Samantala, ang ibang manupaktura ay ibinabalik sa China para sa huling yugto ng pagbubuo ng mga yaring produkto. Sa Asia, nakapaloob ang kaayusang ito sa balangkas ng paglalatag ng Factory Asia.

Ayon pa kay Sison, ang Pilipinas ay gagawing tagakonsumo na lamang ng mga produkto at manupakturang Chinese na magpapalobo sa depisito sa pakikipagkalakalan nito na kalauna'y mangangailangan ng panibagong utang para mabayaran.

Dagdag ni Sison, marami nang masasamang karanasan ang Pilipinas sa pakikipagkalakalan sa China, kabilang ang napakamahal na "NBN-ZTE deal" sa ilalim ng rehimeng US-Arroyo at ang pagbili ng bulok na mga bagon para sa MRT sa panahon ng rehimeng US-Aquino. Hindi kaila na sangkot sa malalaking kaso ng korapsyon at anomalya ang mga korporasyong kasosyo ngayon ng rehimeng Duterte.

Inihapag ni Sison ang mga pananaw na ito para igiit ang soberanong mga karapatan at interes ng mamamayang Pilipino at makuha ang pinakamainam na mga kasunduan sa batayan ng mutwal na paggagalangan, walang panghihimasok at mutwal na pakinabang. AB

# CASER, igiit bago sa tigil-putukan—Sison

Hindi sasang-ayon sa isang matagalan o walang-taning na tigil-putukan ang NDFP habang wala pang napipirmahang kasunduan para sa mga repormang sosyo-ekonomiko (Comprehensive Agreement on Socio-economic Reforms o CASER) at pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal.

Muling inilinaw ni Jose Maria Sison, Chief Political Consultant ng NDFP sa usapang pangkapayapaan, ang nasabing tindig na dati na niyang idineklara sa ikaapat na *round* ng usapang pangkapayapaan noong Abril.

Sa nakaraang usapang ito, pumirma ang NDFP at GRP ng kasunduang magkakasundo sila sa isang tigil-putukan matapos maiayos ang mga kundisyon. "Mawawalan na ng interes ang GRP sa pinabilis na negosasyon ng CASER matapos makakuha ng matagalan at walang-taning na tigil-putukan," dagdag niya. Idiniin din ni Sison na ang tinutukoy na repormang sosyo-ekonomiko ay kinapapalooban ng repormang agraryo, pambansang industriyalisasyon, wastong paggamit sa kalikasan at likas na yaman, at pagtitiyak sa karapatan ng mamamayan sa mga serbisyong panlipunan.

Nagdaos sa Pilipinas ng mga bilateral na pulong ang mga tim ng NDFP at tim ng GRP ukol sa CASER at sa tigil-putukan noong huling linggo ng Abril hanggang unang linggo ng Mayo. Isinagawa ang mga ito upang maplantsa ang mga partikular na gusot sa pagitan ng mga borador ng magkabilang panig at mapabilis ang susunod na usapan.

Kaugnay nito, kinundena ni Fidel Agcaoili, punong negosyador ng NDFP, ang iligal na pag-aresto sa konsultant nito na si Rommel Salinas sa Gango, Ozamis City, Misamis Occidental. Malinaw na paglabag ito sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees. Inaresto si Salinas noong Mayo 11 sa kabila nang ipinakita niya ang kanyang ID bilang NDFP consultant na may numerong #ND 978453.

Kasama ni Salinas sina Bishop Carlo Morales ng Iglesia Filipina Independiente, ang asawa nitong guro na si Ma. Teofilina Morales, at drayber na si Isadome Dalid. Kinasuhan sina Salinas at Morales ng *illegal possession of explosives* batay sa inimbentong ebidensya. Tinuligsa ni Rev. Jonash Joyohoy, General Governor ng National Priest Organization, ang pang-aaresto bilang harasment at pang-uusig sa mga taong-simbahan na kumikilos para palayain ang mamamayan at nanawagan sa kanilang kongregasyon na gamitin ang "lahat ng pagkakataon para ilantad at batikusin ang mga kasamaang isinasabog ng PNP at AFP. Sa anumang paraang maaaring mawari, dapat matigil ang mga kasamaang ito," aniya.


Ikatlo na si Salinas sa mga konsultant na inaresto ng GRP mula nang magsimula ang usapang pangkapayapaan. Kasalukuyan pang nakakulong sina Promencio Cortez na dinakip noong Pebrero 9, sa Baguio City, at Ferdinand Castillo na dinakip noong Pebrero 12 sa Caloocan City.

Maliban sa mga pang-aaresto ay marami ring kaso ng harasment sa iba pang mga konsultant. Noong Mayo 9, binuntutan ng pinagdududahang mga ahenteng militar na nakasakay sa motorsiklo sina Benito Tiamzon at Wilma Tiamzon matapos silang bumisita sa kampuhan ng mga magsasaka sa Mendiola. Ikatlong beses na nila itong napansin mula noong Enero nang manggaling sila sa Netherlands. Noong Abril 24, Cordillera Day, ay hinahanap naman ng mga sundalong nagtsekpoynt sa haywey sa Balbalan si Kennedy Bangibang, isa pang konsultant. Nabalita ring naglabas na ang AFP Eastern Mindanao ng mandong *shoot-to-kill* laban kay Pedro Codaste, at may planong dukutin si Porferio Tuna Jr.

Sa kabilang panig, nagsabog muli ng panggugulo si Defense Secretary Delfin Lorenzana nang sabihin niya sa Regional Peace and Order Council sa Davao City na kung siya lang ang mapagpasya, mas gusto niyang tapusin na ang negosasyong pangkapayapaan, dahil hindi tumitigil ang BHB sa mga opensiba nito.

Malinaw sa rebolusyonaryong kilusan na karapatan ng Bagong Hukbong Bayan ang pagtatanggol sa sarili at sa mamamayan sa harap ng malupit na mga atake ng AFP at PNP kahit nagpapatuloy ang usapang pangkapayapaan.

Idaraos sa Mayo 27 hanggang Hunyo 2 ang ikalimang serye ng usapang pangkapayapaan sa Noordwijk Aan Zee, The Netherlands. AB



# Birong "junta," hindi nakakatawa—PKP

Para sa Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), hindi nakakatawa ang biro ni Pres. Rodrigo Duterte na makukumpleto na ang "junta-militar" sa pagdagdag niya ng ilang retiradong upisyal militar sa kanyang gabinete.

"Dapat mahigpit na batikusin ang biro ni Duterte. May hibo ito ng paghamak sa mga pagpapahirap, pang-aapi, at abusong militar na ipinataw sa mamamayang Pilipino sa ilalim ng 1972-1986 na diktadurang militar ni Marcos at ng kanyang pangkating militar at pulis, gayundin sa ilalim ng sunud-sunod na mga oplan ng AFP na gerang mapanlupig mula Oplan Lambat Bitag hanggang sa kasalukuyang Oplan Kapayapaan," wika ng PKP.

Ang paghirang ni Duterte sa sinanay-ni-Palparan na Gen. Eduardo Año, kasalukuyang Chief-of-Staff ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at dating kumander ng Philippine Army, noong Mayo 15 bilang kalihim ng Department of Interior and Local Government, ay "isang walang-kahihiyang hakbang laban sa libu-libong biktima ng kanyang malagim na paghahari. Sa pamumuno sa DILG, handa siyang muling lalong magpayaman sa pamamagitan ng korapsyong burukrata-kapitalista, tulad ng ginawa niya sa militar," dagdag ng PKP.

Si Año ay bantog sa maruruming paraan ng panunupil, tulad ng pagkakasangkot niya sa pagdukot at pagkawala ni Jonas Burgos noong 2007, at mga iligal na pang-aaresto at pamamaslang sa mga Lumad sa Paquibato at iba pang lugar sa Mindanao noong namumuno siya sa 10th ID noong 2014-2015.

Dalawang araw bago nito, hinirang ni Duterte si dating AFP *chief-of-staff* Gen. Roy Cimatu sa DENR kapalit ni Gina Lopez. Isa si Cimatu sa pangunahing tagapagpatupad ng marahas na Oplan Bantay Laya ng rehimeng Arroyo, lalo na ang ekstrahudisyal na pagpatay sa mga aktibistang kontra-mina. Pasimuno siya ng pagbubuo ng "investment defense force", mga espesyal na yunit ng AFP na pinopondohan ng mga kumpanya sa pagmimina.

May di na bababa sa dalawampung dating upisyal militar ang nailagay sa mga susing pusisyon, na bumubuo ng pinakamalaking pangkatin sa loob ng gubyernong Duterte. Dala nila ang pasistang oryentasyong militar at masugid na tagasunod sa direksyon ng imperyalismong US. Nitong nakaraang ilang buwan, sa utos ng kanilang imperyalistang amo, ang mga dating upisyal militar tulad nina Defense Secretary Delfin Lorenzana at National Security Adviser Hermogenes Esperon ang pinakamasugid na tumutuligsa sa negosasyong pangkapayapaan. Kaya't sabi ni Jose Maria Sison, punong pulitikal na konsultant ng NDFP panel, na ang sinasabing junta ay "isang bantang pipinsala sa negosasyong pangkapayapaan, sa mamamamayan at kay Mr. Duterte mismo. Dapat niyang alalahanin na si Gen. Fidel V. Ramos ay bumaliktad laban sa kanyang pinsan na si Marcos. At bumaliktad din si Gen. Angelo Reyes laban sa kanyang kumpareng si Joseph Estrada."

Sa pangingibabaw ng pangkating militar sa gubyerno at sa mismong astang awtoritaryan ni Duterte, maaasahan ang mas matinding pamamayagpag ng mga kampanyang panunupil, at panibagong atake laban sa mga aktibista, mga tagapagtanggol sa mga karapatan ng masang anakpawis at sa likas na yaman ng bayan. Lalong lalawak at lulubha ang nangyayari na nitong nakaraang mga buwan na pambobomba at panganganyon ng mga komunidad na nagpupursigi para sa tunay na reporma sa lupa at lumaban sa pangangamkam ng malalaking panginoong maylupa, kumpayang pagmimina at plantasyon sa kanilang lupa.

Titiyakin ng pangkating pro-US ang mga imperyalistang patakaran laban sa mga deklarasyon ni Duterte ng nagsasariling patakarang panlabas, sukat tanggalin siya sa pwesto kung mapagpasyahan ng US na may banta sa kanilang kontrol.

Ang bilang ng hinirang na dating upisyal ng militar at pulis sa gubyernong Duterte ay malapit nang pumantay sa anim na hinirang sa gabineteng Ramos (Barbers, Abat, Aguirre, Yan, Alunan, Enrile) at apat sa gabinete ni Arroyo (Ermita, Ebdane, Reyes, Mendoza). Umabot sa 100 ang dating militar na naipasok sa gubyerno ni Ramos at 51 kay Arroyo. AB



# MARBAI, matagumpay na nabawi ang lupa sa LFC

NAGTAGUMPAY ANG mga magsasakang kasapi ng Madaum Agrarian Reform Beneficiaries Inc. (MARBAI) sa ikatlong pagsisikap nilang bawiin ang kanilang lupa sa Madaum, Tagum City mula sa Lapanday Foods Corporation noong Mayo 18.

Kasama ang mahigit 5,000 magsasaka mula sa mga karatigbaryo, mga tagasuporta at mga upisyal ng Department of Agrarian Reform (DAR), nagmartsa sila mula Madaum Gym tungong tarangkahan ng plantasyon upang igiit ang kanilang karapatan sa lupa .


Hinarap sila ng mga gwardya ng Lapanday at pakutyang sinalubong ng, 'Welcome to dying field, pasok kayo.' Hindi binuksan ng mga gwardya ang tarangkahan dahil trabaho diumano nila na pigilan ang sinumang gustong pumasok sa plantasyon.

May 800 gwardya ang inihanda ng kumpanya para pigilan ang mga magsasaka at kanilang mga tagasuporta. Naglatag pa ang mga ito ng mga bitag sa lugar at nagbanta na nakahanda sila sa armadong kumprontasyon kahit laban sa gubyerno.

Para mapasok ang plantasyon, ibinagsak ng mga magsasaka ang nakaharang na bakod.

Sa programa, pinagpugayan ng lider ng MARBAI ang mga kasapi nito, taga-suporta at nagpasalamat kay DAR Secretary Rafael Mariano sa kanyang pakikiisa sa mga magsasaka para tiyakin na napatupad ang pagbawi ng lupa.

Ayon naman sa UMA, ang mga magsasaka ang nagsumikap para makamit ang tagumpay na ito. Dahil sa kanilang pagpupursige sa kampuhan at matapos ang dayalogo kay Duterte, binuo ang *task force* na pinangunahan ng DAR upang ganap nang mabawi ang kanilang lupa. Napilitan na rin ang lokal na pulisya na tumulong sa kanila.




Ang kanilang tagumpay ay inspirasyon sa marami pang magsasakang inagawan ng lupa ng mga panginoong maylupa sa pamamagitan ng mga *agribusiness ventures agreement* para ilatag ang malalawak na plantasyon ng saging at iba pang produktong pangeksport.

Mula pa noong nakaraang taon, ilang beses nang nagtangka ang mga kasapi ng MARBAI na bawiin ang kanilang lupa subalit sapilitan silang pinalalayas, dinarahas at binabantaan ng mga pribadong gwardya ng Lapanday. Binalewala rin ng kumpanya at lokal na mga pulis ang kautusan ng DAR. Dahil dito, tumungo ang 200 kasapi ng Marbai sa Maynila noong Abril 29 at nagtayo ng kampuhan sa Mendiola, sa harap ng Malacañang, mula Mayo 2 hanggang Mayo 13. Binisita sila ni Duterte noong Mayo 9 at pinangakuang susuportahan sa kanilang laban. Bumalik sila sa Tagum City upang paghandaan ang pagkilos para sa mapagpasyang pagbawi ng kanilang lupa. AB

**Mula sa mga rehiyon**

## Negosasyong RCEP, ipinatitigil

NAGLUNSAD ng piket ang People Over Profit Network sa Maynila noong Mayo 10 para igiit ang pagtigil sa ika-18 serye ng negosasyon para sa Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP). Sa sumunod na araw, tumungo sa Mendiola ang grupo, kasama ang Bayan, para batikusin ang pagpupunong-abala ng rehimeng Duterte sa negosasyon at ipabatid ang mga pinsalang idudulot ng kasunduan. Ang People Over Profit Network ay kinabibilangan ng mga progresibong organisasyon ng mga magsasaka, manggagawa at propesyunal.

Ayon sa mga grupo, hindi kailangan ng Pilipinas ang RCEP. Ang kailangan ng mamamayan ay lupa, suportang serbisyo ng gubyerno, nakabubuhay na sahod at proteksyon mula sa dayuhang mga monopolyong korporasyon. Maghahatid lamang ang RCEP ng dagdag na pinsala sa lokal na ekonomya dahil sa pag-institusyunalisa nito ng mga neoliberal na patakarang matagal nang nananalasa sa mamamayan.

## Lupaing inagaw, binawi ng mga Lumad

SA PAMAMAGITAN ng okupasyon ng lupa sa Sityo Saboy, Brgy. Lunen, Tupi, South Cotabato, matagumpay na binawi noong Mayo 3 ng may 70 pamilyang Lumad mula sa apat na angkan ang bahagi ng kanilang lupaing ninuno na ilang dekada nang inagaw sa kanila. Nagmula ang mga Lumad sa Aksasato Dad Blaan n' Tboli. Hindi bababa sa 125 ektarya ang binabawi nila.

Humarap si Mayor Reynaldo Tamayo, Jr. ng Tupi sa mga Lumad na dumating dala ang kanilang mga kagamitang pansaka, mga katutubong armas, at mga sakong plakard na naglalaman ng kanilang paninindigang "Ang pag-agaw sa aming lupa ay pagpatay sa amin!"

## Ika-100 araw ng sunog sa HTI, ginunita

NAGLUNSAD ng pagkilos ang Pamantik-KMU noong Mayo 12 upang gunitain ang ika-100 araw ng sunog sa pagawaan ng HTI. Binatikos ng grupo ang pananahimik ng lokal na pamahalaan ng prubinsya ng Cavite hinggil sa trahedyang nangyari sa mga manggagawa. Ani Oliver De Guia ng Pamantik-KMU, nagsilbi pang tagapagsalita ng HTI si Gov. Crispin Remulla sa pagsasabing walang namatay sa mga manggagawa at 126 lang ang nasugatan. Sa katunayan, 1,328 manggagawa ang hinahanap pa rin hanggang sa ngayon.

Hinikayat ng Pamantik-KMU ang mga manggagawa na ilantad ang tunay na nangyari sa loob ng pagawaan ng HTI.

Gayundin, ginunita ng mga kapamilya at manggagawa sa Kentex ang ikalawang taon ng sunog sa pabrika ng tsinelas na ikinasawi ng 72 manggagawa. Tinuligsa ng Justice for Kentex Workers Alliance at Kilos na Manggagawa ang maniobra ng pamunuan ng Kentex upang hatiin ang hanay ng mga manggagawa at umiwas sa pananagutan.

## Mga magsasaka sa Negros, nagprotesta

NAGSAGAWA ng kilos protesta ang mga magsasaka sa ilalim ng National Federation of Sugar Workers, Pamalakaya, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at National Network of Agrarian Reform Advocates noong Mayo 10 sa Escalante City, Negros Occidental.

Tumungo ang mga raliyista sa upisina ng Department of Agrarian Reform upang iprotesta ang usad-pagong na pagproseso sa kaso ng Hacienda Felomina sa Escalante. Dahil dito, namamaniobra ng may-ari ng asyenda na mapalayas ang mga magsasaka. Nanindigan ang mga nagprotesta na hindi sila aalis sa lupang sinasaka laluna't dito nagmumula ang pagkain ng kanilang pamilya. Panawagan nila ang lupa, pagkain at katarungan.

# Karahasan ng rehimeng Duterte, walang-awat

Sa ilalim ng rehimeng Duterte, walang-awat ang pananalanta ng mga reaksyunaryong tropa laban sa mga magsasaka at katutubo sa kanayunan, gayundin sa mga nagtataguyod ng karapatang-tao. Ang mga pambobomba, pamamaslang, pagdukot, iligal na pag-aresto at iba pang pandarahas ay patuloy na ihinahasik ng estado upang supilin ang paglaban ng mamamayan.

**Davao City.** Sa Calinan District, dalawang magkasunod na araw na nambomba mula sa himpapawid ang AFP, kasabay ng mga operasyong kombat ng 3rd IB sa kalupaan. Nagsimula ang pandarahas ng mga sundalo ng 3rd IB noong Mayo 5 sa Sityo Cabagtukan, Brgy. Dominga sa Calinan. Nang araw na iyon, isang residente ang binaril ng mga sundalo. Kinabukasan, nagsimula ang pambobomba ng mga helikopter ng AFP.

Muling nambomba ang AFP nang sumunod na araw, Mayo 7, bandang alas-7 ng umaga. Isang residenteng kinilala sa apelyidong Lascuna ang binugbog ng mga sundalo. Hindi bababa sa anim na bomba ang ihinulog ng AFP sa mga komunidad. Maliban dito, noong Mayo 9 ay namatay ang magsasakang si Rodolfo Dagahuya, 33, nang walang habas na pagbabarilin ng mga sundalo ng 3rd IB ang kanyang bahay.

Apektado ng pambobomba at pananalasa ng 3rd IB ang may 990 residente mula sa pitong sityo ng Brgy. Dominga. Itinulak nito ang paglikas ng mga residente, pero hinarang naman sila ng mga sundalo. Pinagbantaan din ang isang upisyal ng barangay at inakusahang kasapi ng BHB.

Ayon sa ilang residente, hindi sila makabalik sa bukid para asikasuhin ang mga naiwang hayop at makapag-hanapbuhay. Iilang kagamitan din lang ang kanilang nadala at kapos na kapos sa pagkain.

**Maguindanao.** Umaabot sa 5,000 residente sa mga bayan ng Datu Saudi Ampatuan at Shariff Aguak ang napalayas mula sa kanilang mga komunidad dulot din ng mga pambobomba at mga operasyon ng AFP. Naganap ang pananalanta ng AFP sa nasabing mga bayan noong Mayo 8, nang magsagawa ng operasyon ang mga reaksyunaryong tropa laban sa Bangsamoro Islamic Freedom Fighters.

**Batangas.** Nagsisilbing instrumento ng malaking burgesya kumprador na si Ramon Ang ang Scout Ranger sa pagpapalayas sa mga residente sa Calatagan. Noong Mayo 10, nasa 100 sundalo ang nag-operasyon sa Brgy. Hukay upang dahasin ang mga magsasaka't mangingisda na matindi ang paglaban sa pang-aagaw ni Ang sa kanilang lupa. Sa nasabing operasyon, apat na sibilyan ang tinutukan ng baril ng mga sundalo. Tinatangka ni Ang na agawin ang 2,300-ektaryang lupain para sa kanyang Asturias Mining Corporation.

**Cavite.** Patuloy din ang pagkampi ng estado kay Henry Sy upang makamkam ang lupain ng mga magsasaka't mangingisda sa Brgy. Patungan, Maragondon. Noong Mayo 12, naglabas ng kautusan ang korte upang idemolis ang mahigit 300 kabahayan para bigyang-daan ang pagtatayo ni Sy ng proyektong panturismo. Saklaw nito ang 602 ektaryang lupaing agrikultural na pinagkukunan ng kabuhayan ng mga residente. Aagawin din ng naturang proyekto ang masaganang pangisdaan ng mga taga-Brgy. Patungan at karatig lugar. Bilang aksyon, nagtayo ng "Bantayan at

Kampuhan" ang mga residente at kanilang mga tagasuporta upang labanan ang demolisyon.

**Compostela Valley.** Marahas na sinalakay ng may 100 pulis at sundalo ang piketlayn ng mga manggagawa ng Shin Sun Tropical Fruit Corp. sa Brgy. San Miguel, Compostela noong Mayo 15. Ito ay matapos iutos ni Judge Jill Rose Jaugan-Lo ng Regional Trial Court Branch 14 na buwagin ito at arestuhin ang 13 upisyal ng unyon. Nasa Department of Labor and Employment na ang kaso kung kaya wala nang hurisdiksyon ang korte rito.

Isandaang elemento ng pinagsanib na PNP Compostela Valley at 66th IB ang nagtangkang buwagin ang piketlayn ng mga manggagawa.

Sa ibang prubinsya, patuloy ang atake ng estado sa mga aktibista at kanilang mga kapamilya. Sa Batangas, iligal na inaresto noong Mayo 3 ng mga elemento ng PNP-CIDG Region 4A, Philippine Air Force at Intelligence Service of the AFP si Jacquiline Alog. Dating myembro ng panrehiyong konseho ng Karapatan-ST si Alog at kasalukuyang boluntir ng Gabriela-ST. Inaresto si Alog pagkagaling niya sa burol ng isang kamag-anak. Dati na rin siyang sinampahan ng gawa-gawang kaso kasama ang 71 aktibista. Isang araw matapos arestuhin ay saka pa lamang ipinakita kay Alog ang *warrant of arrest* para sa mga gawa-gawang kaso.

Nang araw ding iyon, sa paghahanap kay Jacquiline, inaresto din ang bayaw niya na si Roderick Alog sa kanyang bahay sa San Carlos, Pangasinan.

Sa Bohol, dinukot noong Mayo 8, bandang alas-7 ng gabi, ng pinaniniwalaang mga sundalo ng 47th IB at ISAFP ang estudyanteng si Rey Anton Olayvar, 21, anak ng lider-magsasaka na si Adolfo Olayvar. Isinakay siya sa isang van, ngunit nakatakas nang huminto ang sasakyan, at nagpatulong sa mga magsasaka sa lugar.

Ang mga Olayvar ay mga aktibista sa Bohol. Si Adolfo ay kasalukuyang upisyal ng Hugpong sa Mag-uumang Bol-anon (HUMABOL-KMP) at istap ng Farmers Development Center (FARDEC). Ang ina ni Rey Anton na si Regina ay dati na ring dinukot ng mga ahente ng militar noong 2008. Samantala, ang kanyang tiyuhing si Victor Olayvar, na dati ring lider ng HUMABOL at Bayan, ay naging biktima ng ekstrahudisyal na pagpatay sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo.

Sa Quezon, 69 myembro ng isang *fact-finding mission* sa Lopez na pinangunahan ng Karapatan ang pinalibutan at tinakot ng mga sundalo mula sa AFP Southern Luzon Command noong Mayo 10. Patungo ang grupo sa Sityo Alat-alatin, Brgy. San Francisco upang imbestigahan ang mga paglabag ng militar sa mga karapatang-tao roon. Pinagkukunan ng litrato ng mga sundalo ang mga residente sa lugar at iligal na idinetine ng ilang oras ang magsasakang si Ruel Segui. AB

## Mga Lumad sa Sultan Kudarat at Bukidnon, biktima ng militarisasyon

HINARAS NG MGA elemento ng Marine Battalion Landing Team-2 at mga pulis ang mga grupong naghahatid ng *relief goods* sa mga nagbakwit na mga Dulangan Manobo sa Sityo Blanga, Brgy. Nalilidan, Kalamansig, Sultan Kudarat noong Mayo 18. Nagkutsabahan ang militar, pulis at lokal na pamahalaan sa pangunguna ni Mayor Ronan Garcia na pagkaitan ang mga bakwit ng kinakailangan na tulong at suporta.

Noon pang Mayo 12 nagbakwit ang may 1,000 Dulangan Manobo dulot ng tuluy-tuloy na militarisasyon sa kanilang mga lugar. Ito ay matapos nagkaroon ng engkwentro noong Mayo 10 sa pagitan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at mga sundalo, kasama ang mga gwardya ng kumpanyang David M. Consunji Incorporated (DMCI), ang pinakamalaking mandarambong sa lugar.

Mariing kinundena ng National Democratic Front-Far South Mindanao ang pakikipagsabwatan ng lokal na gubyerno sa militar at pagsisilbi ng ng mga ito sa mga interes ng DMCI. Mula pa Marso nagsimula ang pinaigting na mga operasyong militar sa Sultan Kudarat. Nagresulta ito sa *hamletting* at *food blockade* sa 11 komunidad sa tatlong barangay sa Kalamansig. Kasabay nito ang malalalang paglabag sa karapatang-tao ng mga residente tulad ng iligal na detensyon, panggigipit at paninira ng ari-arian.

Sa Bukidnon, umaabot sa 50 pamilyang Lumad ang napalayas mula sa kanilang mga komunidad dulot ng militarisasyon ng AFP at ng paramilitar na grupong Alamara noong huling linggo ng Abril at simula ng Mayo.

Sa San Fernando, napilitang iwanan ng 24 pamilyang Tigwahanon noong Abril 23 ang kanilang mga tahanan sa Sityo Salumpikit, Brgy. Bunacao nang mag-operasyon ang 60th IB matapos makaengkwentro ang isang yunit ng BHB sa kalapit na lugar. Ayon sa mga residente, hinalughog ng mga sundalo ang kanilang mga bahay sa paghahanap diumano ng Pulang mandirigma. Pinasabugan din ng M203 *grenade* ang bahay ni Ugsalay Lagundong.

Itinulak nitong lumikas ang may 99 residente patungo sa sentro ng barangay dala ang iilan lamang nilang kagamitan. Umabot na ng dalawang araw silang naitaboy bago sila pinuntahan ng mga upisyal ng lokal na pamahalaan at para lamang pagsabihang bumalik na sa kanilang komunidad sa kabila ng panganib.

Dahil sa takot na bweltahan ng 60th IB, mula sa barangay ay muling lumikas ang mga Tigwahanon patu-

ngong Malaybalay City, kapitolyo ng prubinsya, noong Mayo 1 at nagtayo ng kampuhan upang hingin ang tulong ng lokal na gubyerno.

Samantala, 25 pamilyang Umayamnon ang nagbakwit noong Mayo 4 mula sa mga sityo ng San Vicente, Saloringan, Mahinaga at Tagbacan sa Brgy. Cananga-an sa bayan ng Cabanglasan. Tumungo rin sila sa kapitolyo ng Bukidnon dahil sa pagbabanta ng Alamara, ang grupong paramilitar na kontrolado ng AFP.

Sa pamumuno ni Sammy Diwangan, pinagbintangan ng Alamara ang mga datung Umayamnon na nasa likod ng nakaraang pag-atake ng BHB sa Alamara. Pinagbantaan ng grupo ang mga datu na pagpapatayin sila at kanilang mga pamilya.

Hiningi ng mga Umayamnon na mamagitan ang meyor ng Cabanglasan sa panggigipit ng Alamara. Ngunit sa itinakdang araw ng dayalogo noong Abril 20, dumating ang mga armadong tauhan ng Alamara sa pamumuno ni Diwangan at magkapatid na Delamance. Dahil dito'y napilitang umatras ang may 100 Umayamnon at iligtas ang kanilang mga sarili.

Samantala, mayroon pang pitong pamilyang Umayamnon na magbabakwit din ang hinarang ng grupo ni Diwangan sa palengke ng Centro Iba, Cabanglasan. Tinakot ng Alamara ang mga magbabakwit at kinuha ang kanilang mga ari-arian. Sa kabila nito, at sa mga umiiral na *warrant of arrest* laban kay Diwangan, walang ginawa ang lokal na pulisya at pamahalaan ng Cabanglasan.

Kaugnay nito, pormal na naghain ng reklamo sa NDFP-GRP Joint Monitoring Committee ng CARHRIHL noong Mayo 11 ang grupong Katribu laban sa AFP. Itinaon ang pagsasampa ng reklamo sa panahong isinasagawa ng United Nations ang Universal Periodic Review of Human Rights sa Pilipinas. Anang Katribu, tahasang nilalabag ng AFP ang CARHRIHL laluna sa pagpapatuloy ng kontra-insurhensyang mga operasyon na tumatarget sa mga komunidad ng katutubo sa lahat ng panig ng bansa. AB

# Balikatan 2017, tuloy sa ilalim ni Duterte

NATULOY ANG Balikatan 2017 noong Mayo 8-19 sa kabila ng pag-aasta ni Pres. Rodrigo Duterte ng GRP na kontra siya rito. Sa gayon, "mananatiling laganap ang presensyang militar ng US sa kabila ng kanyang deklarasyon ng nagsasariling patakarang panlabas." Ito ang tinuran ng Partido Komunista ng Pilipinas kaugnay ng pinagsanib na pagsasanay-militar na "Balikatan" sa pagitan ng mga sundalong Amerikano at ng AFP.

Itinakda ang mga pagsasanay-militar ng dalawang armadong pwersa sa mga prubinsya ng Samar, Panay, Nueva Ecija, Isabela, Aurora at Cagayan. Ito ang unang Balikatan sa ilalim ng rehimeng Duterte, na kabilang sa 257 ehersisyong militar ng US at AFP. Nanaig pa rin ang mga maka-US na upisyal sa loob ng gubyernong Duterte na ipagpatuloy ang mga ehersisyong militar taliwas sa naging mga pahayag ng huli noong Oktubre 2016 na tatapusin na niya ang mga ito.

Kalahok sa Balikatan ang 2,600 sundalong Amerikano at mahigit 2,800 tropa ng AFP na umano'y magsasagawa ng "humanitarian assistance and disaster response," gayundin ng mga pagsasanay sa "kontra-terorismo" sa mga nasabing prubinsya. Ikinukubli nito ang layunin ng militar ng US na magtrinsera sa bansa sa gitna ng mga hakbang ni Duterte na magtatag ng mas mahigpit na pangmilitar at pang-ekonomyang pakikipag-ugnayan sa China. Iniiwas ni Duterte ang "Balikatan" sa paglulunsad ng mga pagsasanay sa "pagdepensa sa teritoryo" at "seguridad pangkaragatan" sa South China Sea upang huwag galitin ang China.



Gayunpaman, ang mga pagsasanay sa karagatan, tulad ng ginawa sa isla ng Calayan sa Cagayan noong Mayo 16, ay naglalayong patatagin ang presensyang militar ng US sa silangang bahagi ng karagatan ng Pilipinas. Itinutulak ngayon ng AFP ang pagtatayo ng baseng nabal para sa US sa Casiguran, Aurora. Susuhayan nito ang pasilidad militar na itinayo ng US sa Guiuan, Eastern Samar noon pang 2013, at gayundin sa Nueva Ecija. Ang mga ito'y naglalayong kontrahin ang lumalakas na presensya ng China sa silangang Pilipinas o Pacific Ocean.

Itinatayo rin ang mga pasilidad at base militar ng US sa Clark at Subic, Palawan, Cebu, Cagayan de Oro, Zamboanga City at iba pa. Hanggang sa kasalukuyan ay bigo pa rin ang rehimeng Duterte na magsagawa ng mga hakbangin para ibasura ang mga dipantay na kasunduang militar sa pagitan ng Pilipinas at US. Ang Enhanced Defense Cooperation Agreement, Visiting Forces Agreement at Mutual Defense Treaty ay pawang nagsisilbi sa pagpapalawig ng interbensyong militar ng US.

Anu't anuman, kapwa mapangyurak sa soberanya ng Pilipinas at nahaharap sa mariing pagtutol ang mga ehersisyong "Balikatan" at pagpasok ng China sa teritoryo ng Pilipinas. Ilang linggo pa lang ang nagdaan, tatlong barko ng pwersang nabal ng China ang dumaong sa Sasa Wharf sa Davao City. Ang hakbang na ito ng China, kabilang na ang kanyang pagpapatrulya at sunud-sunod na pagtatayo ng mga pasilidad-militar sa loob at palibot ng Spratlys, ay kahalintulad ng pagpapakita ng lakas-militar at pagpapalawak ng saklaw ng kapwa imperyalistang US. AB

### Mga aksyong militar ng BHB-EV, sagot sa US

"ANG MAHIGIT 14 na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan-Eastern Visayas (BHB-EV) ay pagdepensa sa mamamayan laban sa US at sa mga militaristang papet nito sa loob ng gubyernong Duterte." Ito ang pahayag ni Fr. Santiago "Ka Sanny" Salas, tagapagsalita ng NDF-EV sa pagtatapos ng Balikatan sa rehiyon. Dagdag pa niya, itinataguyod ng mga ito ang pambansang soberanya at demokrasya.

Ang pahayag ng NDF-EV ay kaugnay din ng pagbubukas ng ikalimang serye ng usapang pangkapayapaang NDFP-GRP. Binatikos ni Fr. Salas ang impluwensya ng mga militarista sa usapan at ang pamumwersa ng mga ito sa kasunduan sa tigil-putukan na hahantong sa pagsurender ng mga rebolusyonaryong pwersa. Iginiit niya na anumang iluluwal na kasunduan sa tigil-putukan ay dapat kaugnay ng pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal at pagpirma sa CASER.

Kasabay nito, naglunsad ng mga kilos-protesta ang mga progresibong grupo sa EV laban sa Balikatan. Sa pangunguna ng Bayan-Sinirangan Bisayas, nagmartsa ang mga pambansa-demokratikong organisasyon sa kahabaan ng Rizal Avenue sa Tacloban City noong Mayo 12 upang ipahayag ang kanilang pagtutol sa "Balikatan" at igiit ang pagpapalayas sa mga tropang Amerikano sa rehiyon at sa bansa. Ginanap ang Balikatan sa Ormoc, Leyte at sa Guiuan, Eastern Samar.

Ayon sa pahayag ng grupo, ang mga pagsasanay sa "humanitarian assistance and disaster response" ay nagkukubli sa layunin ng US na ikundisyon ang isip ng mamamayan na sumang-ayon sa kanilang pagbabase sa Pilipinas. Sinabi rin ng People Surge, ang alyansa ng mga biktima ng kalamidad, na hindi maipagpapalit ang mga "ayuda" mula sa US sa pagyurak nito sa soberanya ng bansa. AB

# 37 paramilitar, patay sa ambus sa India

Patay sa matagumpay na reyd ng People's Liberation Guerrilla Army (PLGA) ng Communist Party of India-Maoist (CPI-M) ang 37 tauhan ng Central Reserve Police Forces (CRPF), mga paramilitar na binuo at pinopondohan ng reaksyunaryong estadong India, sa dalawang magkahiwalay na ambus noong Marso-Abril.

Isa rito ay naganap sa hangganan ng Chintagufa-Burkapal sa Sukma, Bastar sa estado ng Chhattisgarh noong Abril 24 kung saan 25 paramilitar ang napaslang. Umaabot sa 22 matataas na kalibreng armas (kabilang ang 13 AK at limang ripleng INSAS), halos 4,000 iba-ibang klaseng bala at iba pang gamit-militar ang nasamsam ng PLGA sa matagumpay na reyd.

Bago nito, noong Marso 11, nireyd din ng PLGA ang isa pang detatsment ng CRPF sa Bheji, Sukma kung saan 12 paramilitar ang napatay. Sa parehong insidente, gumamit ang PLGA ng katutubong mga armas, tulad ng tinaguriang Rambo *arrow* (pana na may maliit na eksplosibo sa dulo) para itaboy ang mga pulis sa kanilang detatsment at gapiin sila sa labanan.

Ayon sa tagapagsalita ng Danda Karanya Special Zonal Committee ng CPI-M, ang dalawang ambus ay paggawad ng rebolusyonaryong hustisya laban sa mga abusadong paramilitar na nagsasamantala at nang-aabuso sa katutubong kababaihan sa lugar. "Ang mga atakeng ito ay ganti, pandepensa at panggapi sa mga kontra-mamamayang patakaran at pagsusulong sa kanilang pakikibaka, partikular sa mga ambus sa Bheji at Chintagufa-Burkapal, ang mga ito ay para sa dignidad at paggalang sa katutubong kababaihan."

Nasa naturang mga bayan ang mga pwersa ng CRPF para magbigay-seguridad sa mga kumpanyang naglalatag ng kalsada sa lugar. Ayon pa sa DKSZC, ang mga kalsadang ito, na pangunahing inilalatag sa mga lugar kung saan may presensya ang rebolusyonaryong hukbo, ay nakatuon para padulasin ang paghuthot ng likas na yaman, pagsasamantala sa lokal na mga residente at transportasyon ng mga pwersang panseguridad ng estado sa lugar.

Sa ngayon, umaabot sa 118 batalyon o 120,000 pulis ang nakatalaga sa Chhattisgarh para gapiin ang mga rebolusyonaryong pwersa. Naghahasik sila ng matinding teror sa hanay ng mamamayan, partikular sa mga Adivasi o katutubo. Pinalalayas nila ang mga Adivasi sa kanilang mga lugar sa gubat para bigyang-daan ang pagpasok ng malalaking dayuhang kumpanyang balak magmina, magtroso o magtayo ng dambuhalang mga dam. Kabilang sa kanilang malalalang krimen ang panggagahasa at pagsasamantala sa kababaihang Adivasi. AB

